

# Welcome sa Brampton Transit

Ang Brampton Transit ay isang pay-as-you-board (magbayad agad pagsakay) na transit system na naghahandog ng serbisyo sa buong lungsod at mga koneksyon sa mga lugar na nakapaligid. Nagsusumikap kaming bigyan kayo ng ligtas at maaasahang serbisyo.



Follow us on Twitter @BramptonTransit



Like us on Facebook: Brampton Transit

## Impormasyon sa Susunod na Bus

Alam mo bang maraming magkakaibang paraan para malaman kung kailan paparating ang inyong bus?

Makakakuha kayo ng real-time, at nasasapanahong impormasyon sa bus sa pamamagitan ng paggamit ng Next Ride. Ang kailangan niyo lang ay ang inyong apat na digit na numero ng bus stop at matatanggap niyo ang mga oras ng pag-alis para sa inyong himpilan.

### Text o Email:

Mag-text o mag-email sa [nextride@brampton.ca](mailto:nextride@brampton.ca) at isama ang inyong apat na digit na numero ng himpilan sa katawan ng mensahe

**Online:** Pumunta sa [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com) at i-click ang Next Ride

**Telepono:** Tumawag sa 905.874.2999 at sundin ang mga tagubilin

### Mas padaliin pa, magpalista para sa mga abiso.

Ang Next Ride Notification\* ay isang serbisyong suskrisyon na nagpapadala sa inyo ng mga regular na abiso kapag papaalis na ang inyong bus. Pumili ng hanggang 10 magkakaibang himpilan ng bus sa bawat suskrisyon.

Pumunta sa [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com) at mag-click sa Next Ride. I-click ang link ng Notification at ilagay ang inyong impormasyon, ganoon lang kasimple.

\*Ang Next Ride Notification ay libreng serbisyong nilalaan ng Brampton Transit. Subalit, depende sa uri ng serbisyong ginagamit niyo, maaari kayong singilin ng bayad sa bawat mensahe ng iyong wireless provider.

### Mobile:

Ang aming Next Ride mobile site ay nagbibigay sa inyo ng parehong, madaling gamiting app. I-bookmark ang [nextride.brampton.ca](http://nextride.brampton.ca) sa inyong smart phone o i-scan ang QR code sa ibaba para sa impormasyon sa susunod na bus gamit lang ang mga daliri mo.

## Planuhin ang Biyahe Mo

### Magbibiyahe sa Brampton?

Gamitin ang eRide, ang aming award-winning na pangplano ng biyahe, para planuhin ang biyahe niyo at tingnan ang mga schedule ng bus.

Pumunta sa [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com), i-click ang Plan Your Trip pagkatapos ay ang eRide. Nagbibigay ang eRide ng mga ruta at schedule ng bus sa Ingles. Gamit ang mga interactive na mapa at madaling gamiting punto ng destinasyon, mapaplano mo ang biyahe mo sa ilang segundo lang.

[bramptontransit.com](http://bramptontransit.com)

905.874.2999



# Welcome sa Brampton Transit

## Ganito ito gamitin:

- Ilagay ang punto ng panggagalingan mo – maaaring ito ay ang iyong address, landmark ng lungsod, o anumang intersection.
- Ilagay ang punto ng destinasyon mo.
- Piliin ang petsa at oras ng biyahe mo.
- Piliin ang mga opsyon ng biyahe mo, tulad ng pinakamabilis na biyahe o ruta ng paaralan.
- I-click ang Show Trip Plan.

Sa loob ng ilang segundo, ipapakita ang detalyadong itineraryo ng biyahe at makakagalaw ka na sa buong lungsod. Maaari mo ring makita ang mga indibiduwal na schedule sa pamamagitan ng pag-click sa tab ng View Schedule sa itaas ng pahina.

## Bibiyahe sa labas ng Brampton?

Gamitin ang Triplinx, ang opisyal na pangplano ng biyahe ng Metrolinx para sa Greater Toronto at Hamilton Area (GTHA).

Madaling planuhin ang biyahe mo—ipasok lang ang iyong pagmumulang lokasyon at kung saan ka pupunta, at sasabihin sa iyo ng Triplinx kung paano pumunta doon. Ipasadya ang plano ng biyahe mo gamit ang mga opsyon tulad ng pinakamahabang layo ng lalakaran o paraan ng transportasyon. Dinesenyo ang Triplinx para magbigay ng impormasyon sa mga biyahe gamit ang transit (sinama sa paglalakad, pamimisikleta o pagmamaneho), pamimisikleta o paglalakad sa buong biyahe..

Makakahanap ka rin ng mga schedule ng transit, pamasaha at ibang kapakipakinabang na impormasyong maaaring kailanganin mo bago ka umalis.

Kasama sa Triplinx ang impormasyon ng transit para sa Brampton, Burlington, Durham Region, HSR (Hamilton), Oakville, Milton, MiWay (Mississauga), Toronto, at York Region, pati na UP Express at GO Transit.

Pumunta sa [triplinx.ca](http://triplinx.ca) para sa karagdagang impormasyon.

## Züm

Pinakilala noong 2010, ang Züm ay ang Bus Rapid Transit (BRT) na serbisyo ng Brampton Transit. Ang Züm ay maaasahang, buong araw na limitadong paghintong serbisyo na suwabeng tumatakbo kasama ng aming mga karaniwang bus. Makabuluhan nitong napapahusay ang kalidad ng kabuuang serbisyo, nagbibigay ng mas mabuting koneksiyon sa mga residente sa loob ng Brampton at sa kabuuan ng Greater Toronto Area (GTA) na may mga direktang link sa York Region, Mississauga at Toronto.

Bagaman ang Züm ay bukod-tanging karagdagan sa Brampton Transit, hindi ito hiwalay na gumagana. Nangangahulugan ito na madali kang makakalipat sa pagitan ng dalawang serbisyo, at, mas mahalaga, nang libre.

- **Züm Queen – Route 501/501A**  
(Downtown Terminal papunta sa York University)
- **Züm Main – Route 502**  
(Sandalwood Parkway papunta sa Mississauga City Centre Transit Terminal)
- **Züm Bovaird – Route 505**  
(Mount Pleasant GO Station papunta sa Queen Street/ Goreway Drive)
- **Züm Steeles – Route 511/511A**  
(Lisgar GO Station papunta sa Humber College)

# Welcome sa Brampton Transit

## Mga Pamasahe

Tinantanggap ang cash na pamasahe at mga **PRESTO** card bilang media ng pamasahe sa mga bus ng Brampton Transit Züm.

Kung cash ang ipambabayad mo, mangyaring maghanda ng eksaktong pamasahe sa pagsakay, Hindi makakapagbigay ng sukli ang mga Operator. Ang **PRESTO** ay ang state-of-the-art na electronic fare system na nagpapahintulot sa iyong madaling lumipat sa pagitan at sa loob ng mga transit systems. Mag-load ng pera (tinatawag na e-purse) o lingguhan o buwanang pass ng Brampton Transit sa card. Sa pagsakay sa bus, ita-tap mo ang card sa **PRESTO** device.

Ang mga kostumer na nagparehistro ng mga card nila ay mabebenepisyuhan din. Kung mawala o manakaw ang card mo, maaari itong palitan at maibabalik ang balanse.

Para sa impormasyon sa **PRESTO**, pumunta sa [prestocard.ca](http://prestocard.ca) o [bramptontransit.com](http://bramptontransit.com)

## Mga Paglipat

Kung cash mong babayaran ang pamasahe mo, humiling ng paglipat mula sa Operator sa oras ng pagsakay, at bibigyan ka ng walang limitasyong biyahe sa tagal ng paglipat. Mapapaso ang mga paglipat salawang oras mula sa oras ng pagbigay at dapat hilingin sa pagsakay mo sa bus, hindi habang nasa ruta.

Tatanggap ang Brampton Transit ng mga paglipat mula sa mga sumusunod na tagapagbigay ng serbisyong transit sa anumang lokasyon, kapag lang may oras na natitira sa paglipat:

- MiWay
- Oakville Transit
- Hamilton Street Railway
- TTC – Zone 3 punched transfer ONLY
- YRT/VIVA
- Burlington Transit
- Durham Region Transit

Kung gumagamit ka ng **PRESTO** card, hindi mo kailangan humigi ng paglipat mula sa Operator ng bus, awtomatiko itong naka-store sa card, pinahihintulutan kang magbiyahe ng dalawang oras mula sa oras ng pagbigay.

Mga Tala:

- Dumating sa himpilan mo ng bus nang hindi bababa sa limang minuto bago ang nakatakdang oras ng pag-alis.

## Sumali sa Pag-uusap



I-like kami sa Facebook sa **Brampton Transit** para makakuha ng mga update sa transit, mga detalye ng kaganapan at mga promosyon.



Sundan kami sa Twitter **@BramptonTransit** at makatanggap ng nasasapanahong impormasyon sa mga detour, pagpapaganda ng serbisyo, serbisyo tuwing holiday at update sa transit.

[bramptontransit.com](http://bramptontransit.com)

905.874.2999

# Welcome sa Brampton Transit

## Serbisyong Pang-kostumer

Ang aming call center ay bukas nang pitong araw bawat linggo:

Lunes – Biyernes: 7:00 am – 9:00 pm

Sabado: 7:00 am – 7:00 pm

Linggo: 9:00 am – 6:00 pm

Matatawagan mo rin kami sa **905.874.2999** o TTY **905.874.2130**.

Kung kailangan mo ng tagapagsaling-wika habang nakikipag-usap sa isa sa mga live naming kinatawan, mangyaring abisuhan sila na kailangan mo ng tulong at sabihin ang pangalan ng wika mo sa Ingles at tatalagahan ka ng tagapagsaling-wika. Libreng ilalaan ang tagapagsaling-wika sa iyo. Mangyaring maghintay sa linya habang kinokonekta ang tagapagsaling-wika.